



Wika Bilang Karapatan: Bakit Mahalaga ang Pantay na Pagkilala sa mga Wikang Katutubo?

Lizbeth G. Ringor

Zamboanga Peninsula Polytechnic State University, R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000

Corresponding email: lringor@zpssu.edu.ph

Ang wika ay karapatan sapagkat ang kakayahang magsalita, matuto, at makilahok sa lipunan sa paraang nauunawaan at kinikilala ng isang tao ay bahagi ng kaniyang dignidad. Sa Pilipinas, ang usaping ito ay partikular na mahalaga dahil sa lawak ng linguistic diversity ng bansa. Maraming komunidad ang may sariling wika na nakaugat sa kanilang kasaysayan, kultura, at ugnayan sa lupang ninuno. Gayunpaman, ang pagkakaroon ng maraming wika ay hindi nangangahulugang pantay ang katayuan ng lahat ng ito.

Sa pagsusuri nina Zeng at Li (2023) sa kasaysayan ng language policy and planning sa Pilipinas, ipinakitang ang linguistic assimilation ay matagal nang naging dominanteng ideolohiya sa mga patakaran sa wika. Kasabay nito, ang mga ideya ng vernacularization at linguistic pluralism ay unti-unting nagbigay ng mas malaking pagkilala sa mga lokal na wika. Ipinapakita ng kanilang pagsusuri na ang language policy ay hindi lamang teknikal na usapin. Nakaaapekto ito sa linguistic diversity, national identity, social inclusion, at maging sa language rights ng mga komunidad.

Ang pagkilala sa karapatan sa wika ay nangangahulugang hindi dapat maging kapalit ng edukasyon, serbisyo publiko, o pakikilahok sa lipunan ang pag-abandona sa sariling wika. Sa isang multilingual na bansa, maaaring kailanganin ng isang mamamayan na matuto ng Filipino o English upang makilahok sa mas malawak na lipunan. Ngunit hindi nito dapat alisin ang kaniyang karapatang gamitin at ipasa ang kaniyang sariling wika sa tahanan at komunidad.

Makikita ang hamong ito sa mga paaralan. Sa pag-aaral nina Ponce at Lucas (2024) tungkol sa linguistically diverse communities sa Central Mindanao, natuklasang mas malawak ang paggamit ng Tagalog kaysa sa mother tongues ng mga learner participants. Bagama't nakatutulong ang Tagalog bilang lingua franca sa isang multilingual classroom, maaari rin nitong mailagay sa mas mahina o marginal na posisyon ang mga lokal na wika. Ipinapakita nito na kahit ang isang patakarang naglalayong maging inclusive ay kailangang isaalang-alang ang hindi pantay na linguistic conditions ng bawat komunidad.

Hindi lamang paggamit ng wika ang nakataya kundi ang pagpapanatili ng kaalamang nakapaloob dito. Sa pag-aaral ni Henne-Ochoa (2018), binigyang-diin na ang Indigenous language revitalization ay hindi dapat nakatuon lamang sa vocabulary at grammar. Mahalaga ring mapanatili ang traditional ways of speaking—ang mga paraan ng pagkukuwento, pakikipag-usap sa matatanda, pagbibigay-payo, pagsasagawa ng verbal art, at iba pang communicative practices na bahagi ng kultura. Kapag pinanatili lamang ang “language as code” ngunit nawala ang cultural practices na nagbibigay rito ng kahulugan, hindi ganap na napapanatili ang wika.

Sa Pilipinas, makikita ang panganib ng ganitong pagkawala sa mga katutubong wika. Sa pag-aaral nina Pelila at Ayao-ao (2025) sa Kankanaey ng Mankayan, Benguet, natukoy ang mga pagbabagong dulot ng code-switching, linguistic discrimination, at language dominance. Sa kanilang pagsusuri sa 100 salita, 43 ang itinuring na semi-archaic at 6 ang archaic. Ipinapakita nito kung paano maaaring





maapektuhan ang tradisyonal na bokabularyo habang nagbabago ang linguistic environment ng komunidad.

Mahalaga rin ang mga pananaw ng mismong mga tagapagsalita. Sa pag-aaral ni Ponce (2025) sa multilingual speakers mula sa southern Philippines, kabilang ang Maguindanaon, Hiligaynon, Iranun, Maranao, at Cebuano, nakita ang mataas na positibong social association sa English, partikular sa competence at opportunity. Gayunman, nananatili rin ang kamalayang may colonial history ang mataas na katayuan ng English. Ipinapakita nito na ang language attitudes ay maaaring maimpluwensiyahan ng kasaysayan at social opportunity. Kung ang isang wika ay palaging itinuturing na mas kapaki-pakinabang kaysa sa iba, maaaring mabawasan ang motivation ng kabataan na gamitin at ipasa ang kanilang sariling wika.

Dahil dito, ang language rights ay nangangailangan ng higit pa sa pagkilala sa papel ng mga katutubong wika sa mga dokumento. Kailangan itong makita sa edukasyon, media, cultural programs, community documentation, at public communication. Dapat magkaroon ng pagkakataon ang mga komunidad na makilahok sa pagpapasya kung paano ituturo, idodokumento, at gagamitin ang kanilang mga wika. Mahalaga ring suportahan ang mga guro, elders, cultural workers, at kabataan na nagsisikap na panatilihin ang linguistic heritage ng kanilang pamayanan.

Ang pantay na pagkilala sa mga wikang katutubo ay hindi nangangahulugang kailangang alisin ang Filipino o English. Ang tunay na linguistic inclusion ay nangangahulugang maaaring matuto ng maraming wika ang isang Pilipino nang hindi kailangang ikahiya o talikuran ang kaniyang sariling wika.

Sa huli, ang wika ay karapatan dahil bahagi ito ng kung sino tayo. Kapag pinoprotektahan natin ang isang katutubong wika, pinoprotektahan din natin ang memorya, kaalaman, kultura, at dignidad ng komunidad na gumagamit nito. Ang isang makatarungang lipunan ay hindi lamang nagbibigay ng pagkakataong magsalita. Tinitiyak din nitong may puwang ang bawat tinig upang marinig, maunawaan, at maipasa sa susunod na salinlahi.

References

- Henne-Ochoa, R. (2018). *Sustaining and revitalizing traditional Indigenous ways of speaking: An ethnography-of-speaking approach*. *Language & Communication*, 62, 66–82. <https://doi.org/10.1016/j.langcom.2018.07.002>
- Pelila, J. R. O., & Ayao-ao, S. L. (2025). *Assessing archaism in Philippine Indigenous languages: The case of Kankanaey as spoken in Mankayan, Benguet, Philippines*. *AlterNative: An International Journal of Indigenous Peoples*, 21(1), 54–63. <https://doi.org/10.1177/11771801241309727>
- Ponce, A. R. C. (2025). *Colonial mindset, appropriation, and emotion: Language attitudes towards English of multilingual speakers in southern Philippines*. *International Journal of Multilingualism*, 22(3), 1943–1959. <https://doi.org/10.1080/14790718.2025.2475371>
- Ponce, A. R. C., & Lucas, R. I. G. (2024). *Language attitudes in linguistically diverse contexts: Implications for mother tongue education programme in Central Mindanao, Philippines*. *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, 45(5), 1581–1595. <https://doi.org/10.1080/01434632.2021.2002341>
- Zeng, J., & Li, X. (2023). *Ideologies underlying language policy and planning in the Philippines*. *Humanities and Social Sciences Communications*, 10, 405. <https://doi.org/10.1057/s41599-023-01911-8>

DETALYE NG ARTIKULO

T-0000019; Natanggap: April 13, 2026; Tinanggap: April 14, 2026; Nailathala: April 16, 2026

SIPI:

Ringor, L. G. (2026). *Wika Bilang Karapatan: Bakit Mahalaga ang Pantay na Pagkilala sa mga Wikang Katutubo?* *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay*. DOI: 10.64591/nefzd817

KARAPATANG-AUTOR

© 2026 ng may-akda. Ang *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay* ay inilalathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.

